# JESUS. Ang Pagka-Panginoon ni Cristo

WEEK 1

## WARM-UP

- Sino ang pinakakarismatikong tao na kilala mo? Ano ang nararamdaman mo at ng ibang tao kapag kasama ninyo ang taong ito?
- Sino sa mga kaibigan o kasamahan mo ang maaari mong ituring na isang lider? Ano ang ginagawa, sinasabi, o naipaparamdam niya sa iyo?
- Magbahagi ng pamantayan na mayroon ka para sa isang bahagi ng buhay mo (halimbawa, sa mga relasyon, sa trabaho, at sa tahanan). Sa palagay mo, bakit mo pinanghahawakan ang pamantayang ito?

## WORD

[9]*Kaya nga, mula nang mabalitaan namin ang tungkol sa inyo, patuloy namin kayong ipinapanalangin. Hinihiling namin sa Diyos na bigyan nawa kayo ng karunungan at pang-unawang mula sa Banal na Espiritu para lubusan ninyong malaman ang kalooban niya.* [10]*Sa ganoon, makakapamuhay kayo nang karapat-dapat at kalugod-lugod sa Panginoon sa lahat ng bagay. At makikita na lumalago kayo sa mabubuting gawa at sa pagkakakilala sa Diyos.* **COLOSAS 1:9–10**

(Basahin din ang **COLOSAS 1.**)

Ang iglesya sa Colosas ay nakikipaglaban sa mga huwad na guro na hinamon ang katotohanan na si Jesus ay Diyos. Isinulat ni Pablo ang liham para sa mga taga-Colosas upang bigyang-diin ang pagiging Panginoon ni Cristo at ang Kanyang kataas-taasang kapangyarihan, ang Diyos at tao na inilagay ng Ama upang pangasiwaan ang lahat, kabilang na ang lahat ng pilosopiya at tradisyon ng tao. Kapag naranasan natin ang pangingibabaw Niya sa lahat at ang kagandahang-loob ng Kanyang pamamahala, tayo ay nahihikayat at nabibigyan ng kapangyarihang mamuhay sa paraang karapat-dapat. Sa araling ito, malalaman natin kung gaano kabuti ang Diyos Ama, sa pamamagitan ng pagiging Panginoon ni Jesu-Cristo sa atin, na Kanyang mga mamamayan.

## 1 Ginawa tayo ng Diyos na maging mga tagapagmana Niya.

*At makapagpapasalamat din kayo sa Ama. Ginawa niya kayong karapat-dapat na makabahagi sa mamanahin ng mga pinabanal niya, ang manang nasa kinaroroonan ng kaliwanagan.* **COLOSAS 1:12**

Ang salitang “karapat-dapat” sa kontekstong ito ay nangangahulugan ng “pagiging angkop” para sa isang bagay. Sa ating makasalanang kalagayan bilang tao, wala tayong magagawa kailanman upang maging karapat-dapat tayong makibahagi sa mana ng Diyos. Gayunpaman, sa kabila ng ating kakulangan at pagiging hindi nararapat, mahal na mahal tayo ng Diyos. Sa pamamagitan ng ginawa ni Jesus sa krus at sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kanya, tayo ay naging mga anak ng Diyos (Juan 1:12), na karapat-dapat na makibahagi sa pamana sa Kanyang mga mamamayan. Nagiging kapwa tagapagmana tayo kabilang ng mga mamamayan ng Diyos at ni Jesus Mismo (Mga Taga-Roma 8:17). Ganito kabuti si Jesus bilang Panginoon. Ano ang mga bagay na dati ay pinaniniwalaan mong nakakatulong para ang isang tao ay maging karapat-dapat na anak at tagapagmana ng Diyos?

## 2 Iniligtas tayo ng Diyos at inilipat tayo sa Kanyang kaharian.

*Iniligtas niya tayo mula sa kapangyarihan ng kadiliman at inilipat tayo sa kaharian ng minamahal niyang Anak.* **COLOSAS 1:13**

Higit pa sa pagiging nararapat na makibahagi sa Kanyang mana, iniligtas tayo ng Diyos mula sa kadiliman, na siyang kaharian ni Satanas, kung saan naghahari ang kasalanan at ang walang hanggang kamatayan ang ating huling kahihinatnan. Sa pamamagitan ng Panginoong Jesus, nadaka tayo sa kaharian

ng Diyos, isang kaharian ng liwanag, pag-ibig, kabanalan, at katuwiran. Sa Kanyang kaharian, makakaasa tayong matamasa natin ang Kanyang matuwid at mapagkawanggawa na pamamahala magpakailanman. Paano mo sinusubukang unawain ang pag-ibig ng Diyos sa atin? Pagkatapos mong manampalataya kay Cristo para sa kaligtasan, paano nag-iba ang pananaw mo sa mundo at sa mga tao? Ano ang naging karanasan mo magmula nang lumipat ka sa liwanag mula sa kadiliman?

## 3 Tinubos at pinatawad tayo ng Diyos.

*At sa pamamagitan ng kanyang Anak, tinubos niya tayo, na ang ibig sabihin ay pinatawad na ang ating mga kasalanan.*

**COLOSAS 1:14**

Kasama ng Kanyang pamana at dalang kaligtasan mula sa kadiliman tungo sa liwanag, ipinagkaloob din sa atin ng Diyos ang pagtubos, na kinabibilangan ng kapatawaran ng mga kasalanan. Hindi lamang inialay ng ating Panginoong Jesu-Cristo ang Kanyang buhay upang tayo ay makatanggap ng kapatawaran—binayaran rin Niya ang halaga upang tayo ay hindi na maging alipin ng kapangyarihan ng kasalanan. Bagama't nagkakasala pa rin tayo at nagkukulang sa maraming paraan, tiniyak ng Panginoong Jesus ang ating kapatawaran. Dahil sa Kanyang biyaya at kapangyarihan, hindi na tayo hinahatulan, at maaari tayong magpatuloy sa pamumuhay nang nakalaan para sa Kanya. Ano ang mga ginagawang panghihikayat ng mga lider sa mundo upang makuha ang pagmamahal at katapatan ng mga tao? Ihambing ang mga ito sa mga pamamaraan ng Diyos.

## APPLICATION

- Ano ang ilang mga bagay na sa tingin mo ay pinagsusumikapan mo pa ring maging karapat-dapat? Naiisip mo ba minsan na ang kaugnayan mo sa Diyos ay ayon lamang sa mga patakaran? Isuko ang mga ito ngayon sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin.
- Masasabi mo ba na ang iyong buhay ay tungkol kay Jesus lamang? Bakit oo o bakit hindi?
- Lahat tayo ay pinababanal at patuloy na nagiging tulad ni Cristo. Paano ka makakatugon kapag nahaharap sa mahihirap na sitwasyon at desisyon, ngayong alam mong si Jesus ang Panginoon ng iyong buhay?

## PRAYER

- Salamat sa Diyos para sa Kanyang uri ng pamamahala, na ginawa Niya tayong karapat-dapat, iniligtas tayo, at tinubos tayo, kahit pa hindi tayo karapat-dapat.
- Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga bahagi ng iyong buhay na hindi pa nakalaan para sa Kanya. Ipanalangin na bigyan ka Niya ng biyaya para mapagtagumpayan ang mga ito.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mas malalim na pagkaunawa sa dakilang pag-ibig ng Diyos para sa iyo at na ito ay makita rin ng mga tao sa paligid mo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ruth Suson-Gloria

victory.org.ph